

# **\*\*PATAKARAN SA PRIVACY\*\***

Huling in-update: 11/12/2024

[PATAKARAN SA PRIVACY](#privacy-policy)

[TUNGKOL SA PATAKARANG ITO](#about-this-policy)

[SINO KAMI?](#who-are-we)

[ANONG PERSONAL NA DATA ANG KINOKOLEKTA NAMIN?](#what-personal-data-do-we-collect)

[PAANO NAMIN KINOKOLEKTA ANG IYONG PERSONAL NA DATA?](#how-do-we-collect-your-personal-data)

[PAANO NAMIN GINAGAMIT O PINOPROSESO ANG IYONG PERSONAL NA DATA?](#how-do-we-use-or-process-your-personal-data)

[KANINO NAMIN IBINABAHAGI ANG IYONG PERSONAL NA DATA?](#who-do-we-share-your-personal-data-with)

[BAKIT KAMI NAGPOPROSESO NG PERSONAL NA DATA?](#why-do-we-process-sensitive-personal-data)

[GUMAGAWA BA KAMI NG AUTOMATED NA PASYA TUNGKOL SA IYO?](#do-we-make-automated-decisions-about-you)

[ANO ANG AKING MGA KARAPATAN SA PRIVACY?](#what-are-my-privacy-rights)

[PAANO NAMIN PINOPROTEKTAHAN ANG IYONG DATA?](#how-do-we-protect-your-data)

[INTERNASYONAL NA PAG-TRANSFER NG PERSONAL NA DATA](#transferring-personal-data-outside-the-eea-or-uk)

[GAANO NAMIN KATAGAL PINAPANATILI ANG IYONG DATA?](#how-long-do-we-retain-your-data)

[MGA PAGBABAGO SA PATAKARANG ITO](#changes-to-this-policy)

[MGA LINK SA MGA THIRD PARTY NA WEBSITE AT SERBISYO](#links-to-third-party-websites-and-services)

[MGA BATA](#children)

[PAGSASALIN NG PATAKARAN SA PRIVACY](#privacy-policy-translation)

[PAKIKIPAG-UGNAYAN AT MGA REKLAMO](#contact-and-complaints)

[ANG AMING KAUGNAYAN SA IYO](#our-relationship-with-you)

[ANO ANG AMING LEGAL NA BATAYAN PARA SA PAGPOPROSESO NG IYONG PERSONAL NA DATA?](#what-is-our-legal-basis-for-processing-your-personal-data)

ABISO SA PRIVACY NG US CONSUMER

## **\*\*TUNGKOL SA PATAKARANG ITO\*\***

Nalalapat ang Patakaran sa Privacy (“Patakaran”) na ito sa webiste ng Remitly sa remitly.com (maliban sa aming blog sa blog.remitly.com), sa mobile app ng Remitly, at anumang iba pang website, application, o program na pag-aari ng Remitly na naka-link sa Patakarang ito. **Para makahanap ng mga sagot sa mga karaniwang tanong na nauugnay sa patakaran kasama ang isang buod ng aming mga kagawian sa patakaran at iyong mga karapatan sa patakaran, pakibisita ang aming Help Center sa Patakaran.**

Nalalapat sa iyong paggamit ng aming Mga Serbisyo ang Patakarang ito, kasama ang aming Patakaran sa Cookie, at ang naaangkop na “Kasunduan sa User” kabilang ang [Kasunduan sa User](<https://www.remitly.com/home/agreement>) ng Remitly, ang Kasunduan sa User ng Remitly Flex, ang Kasunduan sa User ng Remitly Flex Plus, Kasunduan sa User ng Business Profile sa Remitly (at anumang karagdagang tuntunin ng paggamit na nabanggit sa aming Kasunduan sa User) .

Kung saan gumagamit kami ng iba pang naka-capitalize na salita at parirala sa

Patakarang ito (tulad ng Kasunduan, Account, Profile, Mga Serbisyo at Transaction), may iisang kahulugan ang mga ito tulad ng ibinigay sa mga ito sa naaangkop na Kasunduan sa User, maliban kung tinukoy namin ang mga ito nang naiiba sa Patakarang ito.

## **ABISO SA MGA RESIDENTE NG CALIFORNIA**

Abiso sa Pagkolekta ng personal na impormasyon: Inilista namin sa ibaba ang mga kategorya ng personal na impormasyong kinokolekta namin sa ilalim ng "Anong Personal na Data ang Kinokolekta Namin." Nangongolekta kami ng personal na impormasyon tungkol sa iyo para sa mga layuning pangnegosyo at pangkomersyo gaya ng inilalarawan sa ibaba sa ilalim ng "Paano Namin Ginagamit o Pinoproseso ang Iyong Personal na Data." Para sa higit pang impormasyon, kasama kung paano mag-opt out sa pagbebenta o pagbabahagi ng personal na impormasyon, pakitingnan ang seksyong "Mga Karapatan sa Privacy sa Estado ng US" sa ibaba.

### **\*\*SINO KAMI?\***

Ang anumang personal na data na ibinigay sa o nakalap ng aming Mga Serbisyo ay kinokontrol ng naaangkop na affiliate ng Remitly batay sa kung saang bansa ka nakatira. Tingnan ang talahanayan sa seksyong "Aming Kaugnayan Sa Iyo" ng Patakarang ito parang matukoy kung aling entity ang kumokontrol sa pangongolekta at paggamit ng iyong personal na data.

### **\*\*ANONG PERSONAL NA DATA ANG KINOKOLEKTA NAMIN?\***

Ang personal na data na kokolektahin namin mula sa iyo ay nakadepende sa kung paano ka nakikipag-ugnayan sa amin at sa aming mga produkto at serbisyo. Kapag sinabi naming "personal na data" o "personal na impormasyon," tinutukoy namin ang anumang impormasyong nauugnay sa isang nakilala o makikilalang natural na tao. Ang mga sumusunod ay ang mga kategorya at partikular na uri ng personal na data o impormasyong maaari naming kolektahin:

*\*Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan\*:* Kasama ang iyong buong pangalan (kasama ang mga alyas), postal address, e-mail address, numero ng telepono, petsa ng kapanganakan, kasarian, trabaho at employer, username o handle sa social media, o iba pang katulad na identifier (kasama ang isang customer ID na awtomatiko naming binuo para makilala ka sa aming mga system.)

*\*Impormasyon ng Suporta sa Customer\*:* Impormasyong ibinibigay mo sa amin kapag nakipag-ugnayan ka sa mga serbisyo sa customer o sa aming mga tanggapan kasama ang mga recording ng tawag (gaya ng kapag ni-record namin ang mga tawag para sa

serbisyo sa customer para sa pagtiyak ng kalidad).

**\*Pagkakakilanlan o Mga Rekord na Bigay ng Gobyerno\*:** Kasama ang iyong lisensya sa pagmamaneho, identification card na bigay ng estado o bansa (gaya ng isang passport, lisensya sa pagmamaneho, mga identity card sa military o immigration o visa, national identification card), pati na rin larawan o recording ng sarili mo kasama ang iyong dokumento ng pagkakakilanlan, mga rekord ng katibayan ng address (hal., utility bill, loan, o mortgage statement), tax reference number, social security number, o katibayan kung paano mo popondohan ang iyong Transaction (hal., bank statement o pay slip).

**\*Impormasyon ng Marketing at Pakikipag-ugnayan\*:** Kasama ang mga kagustuhan mong tumanggap ng marketing mula sa amin at aming mga third party, mga kagustuhan sa pakikipag-ugnayan, at impormasyong natanggap namin mula sa pananaliksik sa market, mga advertising network, o analytics provider nang naayon sa batas.

**\*Impormasyon sa Pagbabayad\*:** Kasama ang iyong mga detalye ng financial o payment instrument (alinman sa debit/credit card) o mga detalye ng bank account.

**\*Impormasyon ng Mga Promotion at Kumpetisyon\*:** Kasama ang iyong pangalan at email address at ilang partikular na iba pang personal na impormasyong posibleng hilingin sa iyong ibigay para lumahok sa mga promotion o kumpetisyon.

**\*Impormasyon ng Recipient o Awtorisadong User\*:** Kasama ang buong pangalan, postal address, numero ng telepono ng iyong recipient o awtorisadong user, depende sa napiling paraan ng pagbabayad, ilang partikular na detalye ng financial institution o financial account gaya ng bank account o mobile wallet account. Kung may hindi pagkakaunawaan tungkol sa kung natanggap ng iyong recipient o awtorisadong user ang pera, puwede kaming humiling sa iyo ng karagdagang impormasyon para ma-verify namin ang kanyang pagkakakilanlan sa financial institution.

**\*Impormasyon ng Remitly Flex\*:** Kasama ang iyong kasaysayan ng transaction, (kasama ang isang natatanging reference number ng transaction), mga resibo ng transaction, layunin ng transaction, average na halaga ng transaction mo, at iba pang impormasyong kinokolekta namin para sumunod sa anti-money laundering at malaman ang iyong mga obligasyon bilang customer.

**\*Sensitibong Personal na Data\*:** Kasama ang biometric data, pangunahin ang impormasyon ng pag-scan ng mukha mula sa mga larawan at video na ibibigay mo para sa mga layuning pag-verify ng pagkakakilanlan at pagsubaybay sa aktibidad sa pag-login at sa iyong mga pakikipag-interact sa aming site para protektahan ang iyong

account at matukoy ang kahina-hinala o mapanlokong aktibidad. Bagama't hindi namin pinoproseso ang iyong biometric data, pinoproseso ito ng aming provider ng serbisyo sa pag-verify ng pagkakakilanlan, ang Onfido, sa ngalan mo.

**\*Impormasyon ng Survey at Feedback:\*** Kasama ang impormasyon gaya ng iyong pangalan, email address, o iba pang impormasyon sa pakikipag-ugnayan, mga sagot sa mga survey, review, feedback, testimonial, at ilang partikular na ibang personal na impormasyon na posibleng hilingin sa iyong ibigay.

**\*Teknikal na Impormasyon:\*** Kasama ang hardware at software na gagamitin mo para i-access ang aming Mga Serbisyo, impormasyon ng network, internet service provider, operating system, ang uri ng browser na ginagamit mo, natatanging identifier ng device (hal. ang IMEI number, MAC address, o mobile number ng iyong device), IP address, iba pang katulad na natatanging identifier, iyong kasalukuyang lokasyon (paggamit ng teknolohiya ng GPS kung saan kinakailangan ng ilan sa aming Serbisyonag naka-enable ang lokasyon ang iyong personal na data para gumana ito).

**\*Impormasyon ng transaction:\*** Kasama ang iyong kasaysayan ng transaction, (kasama ang isang natatanging reference number ng Transaction), mga resibo ng transaction, layunin ng mga pag-transfer, kaugnayan sa recipient o awtorisadong user, iyong average na halaga ng transaction, gaano mo kadalas ginagamit ang aming Mga Serbisyo, kung nagse-send ka sa maraming recipient o mayroon kang maraming awtorisadong user, at iba pang impormasyon na kinokolekta namin para sumunod sa anti-money laundering at malaman ang iyong mga obligasyon bilang customer.

**\*Impormasyon ng Paggamit:\*** Kasama ang impormasyon sa iyong mga interaction sa aming Mga Serbisyo o Site o aktibidad sa pag-browse o paghahanap.

**Para sa mga residente ng California,** pakitandaan na posibleng mangolekta kami ng **\*Sensitibong Personal na Impormasyon\*** kabilang ang social security number, lisensya sa pagmamaneho, identification card ng estado, o passport number at **\*Protected Classifications\*** sa ilalim ng batas ng California at pederal na batas, kabilang ang kasarian at edad.

## **\*\*PAANO NAMIN KINOKOLEKTA ANG IYONG PERSONAL NA DATA?\***

Kinokolekta namin ang personal na data tungkol sa iyo mula sa iba't ibang mga source. Halimbawa, kinokolekta at kinukuha namin ang impormasyon:

Direkta mula sa iyo

Kinokolekta namin ang personal na data na ibinibigay mo, gaya ng kapag ginamit mo ang aming Serbisyo, gumawa ng Account o Profile, nakipag-ugnayan sa amin (kasama sa pamamagitan ng chat), sumagot sa isang survey, nakipag-interact sa amin sa mga event, lumahok sa sweepstakes, contest, o iba pang katulad na campaign o promotion, sumagot sa isang survey, nag-post ng review, o nag-sign up para makatanggap ng mga email, text message, at/o postal mailing.

Paggamit ng cookies at iba pang teknolohiya ng awtomatikong pagkolekta ng data

Kapag binisita mo ang aming mga website, ginamit ang aming app, binuksan o na-click ang mga email na nai-send namin sa iyo, o nakipag-interact sa aming advertisement, awtomatiko naming kinokolekta o ng mga third party na katuwang namin ang ilang partikular na impormasyon gamit ang mga teknolohiya gaya ng cookies, web beacon, clear GIF, pixel, internet tag, web server log, at iba pang tool sa pagkolekta ng data. Para sa karagdagang impormasyon, pakitingnan ang aming [Patakaran sa Cookie](<https://www.remitly.com/home/cookies>).

Mula sa Iba Pang Source

Puwede kaming kumuha ng impormasyon tungkol sa iyo mula sa iba pang source, gaya ng mga provider ng data analytics, provider ng serbisyo sa marketing o advertising, social media platform o network, provider ng serbisyo sa pagpigil sa panloloko o pag-verify ng pagkakakilanlan, electronic na database, ahensyang nag-uulat ng credit, vendor na nagbibigay ng mga serbisyo sa ngalan namin, o source na available sa publiko.

## **\*\*PAANO NAMIN GINAGAMIT O PINOPROSESO ANG IYONG PERSONAL NA DATA?\***

Gagamitin lang namin ang iyong personal na data kapag lang pinayagan kami ng batas. Depende sa bansa kung saan ka nakatira, umaasa kami sa mga sumusunod na legal na batayan para iproseso ang iyong personal na data:

### **SUMUNOD SA MGA LEGAL NA OBLIGASYON**

Ginagamit namin ang iyong personal na data para sumunod sa aming mga legal o panregulatoryong obligasyon, para itakda o gamitin ang aming mga karapatan, at para magdepensa laban sa legal na claim.

## Seguridad at Pagpigil sa Panloloko

Ginagamit namin ang iyong personal na data para tukuyin, imbestigahan, pigilan, o aksyunan ang posibleng mapaminsala, mapanlinlang, mapanloko, o ilegal na aktibidad, kasama ang mga mapanlokong transaction, pagtatangkang manipulahin o labagin ang aming mga patakaran, pamamaraan, at tuntunin at kondisyon, insidente sa seguridad, at pinsala sa mga karapatan, ari-arian, o kaligtasan ng Remitly at ng aming mga user, customer, empleyado, o iba pa.

## Sumunod sa Mga Naaangkop na Batas

Ginagamit namin ang iyong personal na data para sumunod sa mga naaangkop na bata at regulasyon, gaya ng mga nauugnay sa "know-your-customer," mga requirement sa anti-money laundering, batas ukol sa mga sanction, at ang iba't ibang nauugnay na panregulatoryong panuntunan at gabay kaugnay ng pagsiyasat sa panganib, scoring sa panganib, panloloko, counter terrorist financing, anti-money laundering, pagprotekta sa consumer, at pangangasiwa sa reklamo.

## PARA MAGPATUPAD NG KONTRATA

### Para Ibigay ang Aming Mga Serbisyo

Ginagamit namin ang iyong personal na data kapag ina-access o ginagamit mo ang aming Mga Serbisyo, kasama para iproseso ang iyong (Mga) Transaction, panatilihin at pamahalaan ang iyong account, ihatid/tugunan ang mga promotional offer o reward, at iproseso ang mga pagbabayad.

### Pakikipag-ugnayan sa Iyo

Ginagamit namin ang iyong personal na data para makipag-ugnayan sa iyo, gaya ng para tugunan at/o i-follow up ang iyong mga kahilingan, tanong, isyu o feedback, at para magbigay ng serbisyo sa customer.

## PAHINTULOT O LEHITIMONG INTERES

### Mga Layuning Pang-marketing at Promotional

Ginagamit namin ang iyong personal na data para sa mga layuning pang-marketing at

promotional, gaya ng para mag-send ng mga pakikipag-ugnayan kaugnay ng marketing, advertising, at promotion sa pamamagitan ng email, text message o postal mail; para magpakita sa iyo ng mga advertisement para sa mga produkto at/o serbisyong iniangkop sa iyong mga interes sa social media at iba pang website; at para ibigay ang aming mga promotion para sa bagong customer, sweepstakes, contest, at iba pang katulad na promotion.

### Analytics at Pag-personalize

Ginagamit namin ang iyong personal na data para magsagawa ng pananaliksik at analytics, kasama ang para pahusayin ang aming mga ino-offer na serbisyo at produkto; para maunawaan kung paano ka nakikipag-interact sa aming mga website, mobile app, advertisement, at pakikipag-ugnayan sa iyo para pahusayin ang aming mga website, app, at marketing campaign (business at marketing analytics); para i-personalize ang iyong karanasan, para makatipid ka ng oras kapag bumisita ka sa aming mga website at app, at para i-customize ang marketing at advertising na ipinapakita namin sa iyo; para maunawaan kung paano mo ginagamit ang aming app at website.

### Iba Pang Layunin sa Negosyo o Komersyo

Sa iyong direksyon o sa pahintulot mo, puwede naming iproseso ang ilang partikular na personal na data para tugunan ang anupamang layuning pangnegosyo o pangkomersyo.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa aming mga legal na base para sa pagproseso ng iyong personal na data, pakitingnan ang seksyon sa ibaba na may pamagat na, "Ano ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso ng Iyong Personal na Data?".

## **\*\*KANINO NAMIN IBINABAHAGI ANG IYONG PERSONAL NA DATA?\***

Bukod pa sa mga partikular na sitwasyong tinalakay sa ibang lugar sa patakaran sa privacy na ito, ipinapahayag namin ang personal na data sa mga sumusunod na pagkakataon:

### Mga Corporate Affiliate

Maaari kaming magbahagi ng personal na data sa aming mga corporate affiliate,



kasama na ang aming parent company, mga affiliate, at subsidiary. Ang mga nasabing corporate affiliate ay nagpoproseso ng personal na data sa aming ngalan para magbigay ng mga serbisyo o sa ibang sitwasyon nang may pahintulot mo o ayon sa pinapahintulutan o iniaatas ng batas.

### Mga Provider ng Serbisyo

Nagbabahagi kami ng ilang partikular na personal na data sa mga third party na nagsasagawa ng mga serbisyo para suportahan ang mga function at internal operation ng aming pangunahing negosyo. Kasama rito ang mga bangko, disbursement provider, o iba pang financial institution na nagkukumpleto ng iyong transfer o iba pang kahilingan sa financial service (kasama na ang mga processor ng bayad), pag-verify ng pagkakakilanlan o mga KYC service provider, third party na nagbibigay ng software at mga tool para mag-send ng postal mail, mga e-mail at text message, o mag-analyze ng data ng customer, magbigay ng tulong sa marketing, mamahala ng aming mga review, pag-imbetiga sa mapanlokong aktibidad, magsagawa ng mga survey sa customer, at na-outsorce na provider ng serbisyo sa customer.

### Mga Third Party na Partner

Maaari naming ibahagi ang iyong personal na data sa mga third party na ginawa naming partner para magkasamang gumawa at mag-offer ng produkto, serbisyo, o joint promotion. Maaari din naming ibahagi ang iyong personal na data sa aming mga banking o distribution partner sakaling maghinala kami na nilalabag mo ang aming mga tuntunin o mayroon kang mapanlokong gawi tungkol sa kaugnayan nito sa aming negosyo. Ang paggamit nila ng iyong impormasyon ay hindi nasasaklawan ng patakaran sa privacy na ito, ngunit ng kanilang kani-kaniyang mga patakaran sa privacy.

### Mga Social Media Platform at Network

Ang ilan sa aming website ay may mga feature gaya ng mga plugin, widget, o iba pang tool na ginagawang available ng mga third party na maaaring magresulta sa pagkolekta o pagbabahagi ng impormasyon sa pagitan namin at ng third party. Ang paggamit nila ng iyong impormasyon ay hindi nasasaklawan ng patakaran sa privacy na ito, ngunit ng kanilang kani-kaniyang mga patakaran sa privacy.

### Mga Transaction sa Negosyo

Kung nasangkot kami sa isang merger, corporate transaction, o isa pang sitwasyong kinasasangkutan ng transfer ng ilan o lahat ng aming asset sa negosyo, maaari naming

ibahagi ang iyong impormasyon sa mga entity ng negosyo o taong sangkot sa negosasyon o transfer.

## Legal na Proseso

Maaari kaming maghayag ng personal na data bilang tugon sa mga subpoena, warrant, utos ng hukuman, inquiry o imbestigasyon ng gobyerno, o para sumunod sa mga nauugnay na batas at regulasyon. Maaari din kaming maghayag ng impormasyon para itakda, gamitin, o protektahan ang iyong mga karapatan o ang mga karapatan ng iba; para magdepensa laban sa legal na claim; para protektahan ang safety at security ng aming mga bisita; para matukoy ang at magprotekta laban sa panloloko; at para gumawa ng pagkilos tungkol sa mga posibleng ilegal na aktibidad o paglabag sa aming mga patakaran.

## Iba Pang Pagkakataon

Puwede naming itanong kung gusto mong ibahagi namin ang iyong impormasyon sa ibang third party na hindi inilalarawan sa ibang lugar sa Patakarang ito.

## **\*\*BAKIT KAMI NAGPOPROSESO NG PERSONAL NA DATA?\***

Maaari naming hilingin sa iyo na magbigay ng biometric data sa isa sa aming mga provider ng pag-verify ng pagkakakilanlan. Kung saan pinapayagan lang kami ng mga batas sa proteksyon ng data ang pagpoproseso ng biometric data nang may pahintulot mo, hihingin namin ang iyong pahintulot bago ang pagpoproseso.

Halimbawa, para i-verify ang iyong pagkakakilanlan, ginagamit ng Remitly ang mga serbisyo ng Onfido. Susuriin ng Onfido kung valid ang iyong mga dokumento ng pagkakakilanlan, at kukumpirmahin din na tumutugma ang iyong selfie na larawan at/o video sa larawan sa mga dokumento at maaaring iproseso ang impormasyon ng iyong biometric alinsunod sa [Patakaran sa Facial Scan at Voice Recording ng Onfido](<https://onfido.com/facial-scan-policy-and-release/>) at [Patakaran sa Privacy ng Onfido](<https://onfido.com/privacy/>). Pagkatapos ay ibabahagi sa Remitly ang mga resulta ng pagsusuri. Ibahagi sa Onfido ang iyong larawan at mga ID document para sa layuning ito at para na rin bigyang-daan ang Onfido na panatilihin, protektahan at pahasayin ang mga serbisyo nito.

## **\*\*GUMAGAWA BA KAMI NG AUTOMATED NA PASYA TUNGKOL SA IYO?\***

Gumagamit kami ng mga automated na proseso para suriin kung nakakatugon ang

iyong access sa aming mga serbisyo at ang iyong paggamit ng aming mga serbisyo sa kinakailangan naming pamantayan, kasama ang pag-verify sa iyong pagkakakilanlan, at para makatulong na mapigilan ang panloloko o iba pang mga ilegal na aktibidad. Sa mga prosesong ito, maaaring gumawa ng automated na pasya para tanggihan ang iyong iminumungkahing transaction, i-block ang isang kahina-hinalang pagtatangka na mag-login sa account mo, o isara ang iyong account. Kung sa palagay mo ay posibleng naapektuhan ka ng isang automated na proseso, makipag-ugnayan sa aming Privacy team sa [privacy@remitle.com](mailto:privacy@remitle.com).

## **\*\*ANO ANG AKING MGA KARAPATAN SA PRIVACY?\***

Ang aming mga customer sa ilang partikular na rehiyon ng mundo ay may mga partikular na karapatan sa privacy ng data batay sa naaangkop na batas at regulasyon sa privacy. Nagsisikap kaming ipatupad ang pinakamahuhusay na kasanayan sa privacy bilang pamantayan para sa lahat ng aming customer.

### **\*I-access ang Iyong Data at Portability ng Data\***

Maaari mong hilingin na bigyan ka namin ng kopya ng iyong personal na data na pinoproseso namin. Ibibigay ang impormasyong ito nang walang pagkaantala nang napapailalim sa ilang partikular na exception o limitasyon, kasama na kung ang nasabing probisyon ay negatibong nakakaapekto sa mga karapatan at kalayaan ng ibang tao.

### **\*Iwasto ang Iyong Data / Pag-rectify ng Data\***

May karapatan kang hilingin na i-update at iwasto namin ang mga mali sa iyong personal na data. Maaari mong i-update ang ilang partikular na impormasyong nauugnay sa iyong account sa pamamagitan ng pag-log in sa account mo sa aming site o app, kung naaangkop o kaya naman ay pakikipag-ugnayan sa amin ayon sa inilalarawan sa seksyong Paggamit sa Iyong Mga Karapatan sa Privacy sa ibaba.

### **\*Pag-delete/Pagbura ng Data\***

Maaari mong hilinging burahin ang iyong personal na data, nang napapailalim sa naaangkop na batas. Kung isasara mo ang iyong account, mamarkahan namin ang iyong account sa aming database bilang "Isinara," pero papanatilihin namin ang ilang partikular na impormasyon ng account sa loob ng partikular na yugto ng panahon. Kinakailangan ito para maiwasan ang panloloko, sa pamamagitan ng pagtiyak na hindi maiwasan ng mga taong sumusubok na magsagawa ng panloloko ang pagkakahuli sa pamamagitan lang ng pagsara ng kanilang account at pagbubukas ng bagong account,

at para sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Gayunpaman, kung isasara mo ang iyong account, hindi namin gagamitin ang iyong personal na data para sa anumang layunin, o hindi namin ito ibabahagi sa mga third party, maliban kung kinakailangan para maiwasan ang panloloko at makatulong sa pagpapatupad ng batas, ayon sa kinakailangan ng batas, o alinsunod sa Patakarang ito.

#### \*Tumutol sa Pagpoproseso ng Data\*

May karapatan kang tumutol sa pagpoproseso o pag-transfer namin ng iyong personal na data sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon. Maaari mong tutulan ang anumang pagpoproseso batay sa mga lehitimong interes kapag may nauugnay sa iyong partikular na sitwasyon kung saan mararamdaman mong ang pagpoproseso batay rito ay makakaapekto sa iyong mga pangunahing karapatan at kalayaan.

#### \*Mag-unsubscribe sa Direct Marketing\*

May karapatan kang hilingin sa amin na huwag iproseso ang iyong personal na impormasyon para sa marketing. Maaari mong gamitin ang karapatang ito anumang oras sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga pagkilos na 'mag-unsubscribe' na ginawang available sa iyo (gaya ng pag-click sa link na 'mag-unsubscribe' sa bawat promotional email na sine-send namin sa iyo). Susundin namin ang pipiliin mo at hindi na kami magse-send sa iyo ng mga naturang pakikipag-ugnayan. Pakitandaang kung hihilingin mo sa amin na huwag makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng email sa isang partikular na email address, magpapanatili kami ng kopya ng email address na iyon sa "suppression list" para sumunod sa iyong kahilingang huwag nang makipag-ugnayan. Malaya mong mababago ang iyong mga pinili sa marketing anumang oras.

Maaari mo ring kontrolin kung paano namin ginagamit ang ilan sa iyong personal na data bilang bahagi ng aming Mga Serbisyo (gaya ng kung paano kami maaaring makipag-ugnayan sa iyo) sa pamamagitan ng pagkumpirma sa iyong mga kagustuhan sa Account mo. Pakitandaang hindi lahat ng pakikipag-ugnayan ay maaaring i-off --halimbawa, maaaring kailanganin naming mag-send sa iyo ng mga abiso sa email tungkol sa aming Mga Serbisyo para sumunod sa aming mga legal na obligasyon sa ilalim ng mga pambansang batas at panregulatoryong gabay.

#### \*Automated na Indibidwal na Pagpapasya, Kasama na ang Profiling\*

Sa ilang hurisdiksyon, may karapatan kang hindi mapailalim sa isang pasya na batay lang sa automated na pagpoproseso ng iyong personal na data, kasama na ang profiling, na may mga legal o katulad na malalaking epekto sa iyo, maliban kung may exception na naaangkop sa ilalim ng mga nauugnay na batas sa proteksyon ng data.

Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan, ayon sa pinapahintulutan ng naaangkop na batas, kasama kung ang pagbibigay ng impormasyon ay magresulta sa paghahayag ng isang trade secret o makakasagabal sa pag-iwas o pagtukoy ng panloloko o iba pang krimen. Gayunpaman, sa pangkalahatan sa mga ganitong sitwasyon, iverify namin na ang algorithm at source data ay gumagana ayon sa inaasahan nang walang error o bias o kung kinakailangan ng batas para i-adjust ang pagpoproseso.

#### \*I-withdraw ang Iyong Pahintulot\*

May karapatan kang i-withdraw ang iyong pahintulot na magproseso kami ng data, kung saan nakabatay sa pahintulot na iyon ang aming naaayon sa batas na batayan sa pagpoproseso. Tandaang walang epekto ang pag-withdraw ng pahintulot sa pagiging naaayon sa batas ng pagpoproseso na posibleng nangyari na bago pa i-withdraw ang pahintulot. Kung i-withdraw mo ang iyong pahintulot, posibleng hindi namin maibigay sa iyo ang ilang partikulang na produkto o serbisyo.

#### \*Mga Residente ng US Oregon: Listahan ng Mga Third Party\*

Kung residente ka ng estado ng Oregon, may karapatan kang makakuha, batay sa aming opsyon, ng listahan ng mga partikular na third party, bukod sa mga natural na tao, kung kanino namin naihayag ang: (i) iyong personal na data o (ii) anumang personal na data.

#### Paggamit sa Iyong Mga Karapatan sa Privacy

Para magamit ang alinman sa mga karapatan sa privacy na nasa itaas, mangyaring magsumite ng kahilingan sa pamamagitan ng isa sa sumusunod na paraan:

- Pag-send sa amin ng email sa [privacy@remitle.com] (mailto:privacy@remitle.com) gamit ang email na nauugnay sa iyong Remitle account; o
- [Pakikipag-ugnayan sa amin](https://help.remitle.com/s/contact) sa pamamagitan ng Chat o Telepono.

Karaniwang hindi kami naniningil ng fee para sa paggamit ng iyong mga karapatan sa privacy, pero kung pinahihintulutan ng batas, maaari kaming maningil ng makatwirang fee para sa mga kahilingang sobra-sobra o halatang walang batayan.

#### \*Pag-verify ng Pagkakakilanlan\*

Para maproseso namin ang ilang kahilingan, kakailanganin naming i-verify ang iyong pagkakakilanlan para makumpirmang galing sa iyo ang kahilingan. Puwede kaming makipag-ugnayan sa iyo sa pamamagitan ng telepono o e-mail para ma-verify ang iyong kahilingan. Kung hindi namin magagawang makipag-ugnayan sa iyo o hindi ka tutugon sa aming mga kahilingan na kilalanin ka, posibleng hindi namin matutugunan ang kahilingan mo.

## **\*\*PAANO NAMIN PINOPROTEKTAHAN ANG IYONG DATA?\***

Gumagamit kami ng mga teknikal at pang-organisasyong panukala na tinatanggap sa industriya para protektahan ang impormasyong isinusumite mo sa amin.

Pinoprotektahan namin ang iyong sensitibong personal na data gaya ng numero ng bank account, numero ng credit card, petsa ng kapanganakan, at numero ng pagkakakilanlan sa gobyerno gamit ang pag-encrypt sa pagpapadala at pag-encrypt habang hindi ginagamit ang mga ito. Ginagamit namin ang mga kontrol sa pag-access para limitahan ang access sa personal na data para sa mga kailangan malaman. Nangangailangan din kami ng paggamit ng mga kredensyal sa seguridad (na maaaring, halimbawa, kinabibilangan ng isang username at password) mula sa bawat user na gustong ma-access ang kanilang impormasyon sa aming Site at/o aming App.

Kapag binigyan ka namin (o pumili ka) ng mga kredensyal sa seguridad (gaya ng password) na nagpapahintulot sa iyong i-access ang ilang partikular na bahagi ng aming Serbisyo, responsibilidad mong panatilihin kumpidensyal at secure ang mga detalyeng ito. Gayundin, kung papahintulutan mo ang access sa aming Mga Serbisyo sa pamamagitan ng paggamit ng iyong fingerprint sa Device mo (halimbawa, sa pamamagitan ng Apple Touch ID), hindi mo dapat payagan ang sinupamang tao na irehistro ang kanyang fingerprint sa Device na iyon dahil posibleng mabigyan siya ng access sa aming Mga Serbisyo at maaari kang papanagutin para sa kanyang mga pagkilos. Gayunpaman, walang paraan ng pagpapadala sa Internet, o paraan ng electronic na storage na 100% secure. Samakatuwid, hindi namin magagarantiya ang ganap na seguridad nito at ang anumang pag-transfer ng personal na impormasyon ay sa sarili mong pagpapasya. Kung may mga tanong ka tungkol sa seguridad, maaari kang makipag-ugnayan sa amin sa [privacy@remitly.com](mailto:privacy@remitly.com).

Pinoprotektahan ang site na ito ng [reCAPTCHA Enterprise](https://cloud.google.com/security/products/recaptcha#protect-against-fraud-and-abuse-with-a-modern-fraud-prevention-platform) at nalalapat ang [Patakaran sa Privacy ng Google](https://policies.google.com/privacy) at [Mga Tuntunin ng Serbisyo](https://policies.google.com/terms).

## **\*\*INTERNASYONAL NA PAG-TRANSFER NG PERSONAL NA**

## **DATA\*\***

Ibinabahagi namin ang iyong personal na data sa grupo ng mga produkto ng Remitly, kabilang ang mga entity at subsidiary ng Remitly Group at sa mga external na third party (binabanggit ang mga kategorya ng mga ito sa Patakarang ito). Posibleng kasama dito ang internasyonal na pag-transfer ng iyong personal na data kabilang ang sa labas ng bansa kung saan ka nakatira. Sa tuwing ita-transfer namin ang personal na data sa internasyonal, titiyakin naming mabibigyan ito ng katulad na antas ng proteksyon. Sa ilang sitwasyon, maaaring i-transfer ang personal na impormasyon mo sa mga bansang itinuturing na nagbibigay ng sapat na antas ng proteksyon para sa personal na data ng naaangkop na awtoridad sa proteksyon ng data o ahensya ng gobyerno (gaya ng tinukoy sa seksyong Aming Kaugnayan Sa Iyo sa ibaba). Sa iba pang sitwasyon, titiyakin naming ipinapatupad ang kahit isa sa mga legal na pag-iingat, na maaaring kinabibilangan ng mga kasunduan sa loob ng kumpanya, proteksyon sa kontrata, o partikular na mga kontrata na inaprubahan (gaya ng mga karaniwang clause sa kontrata) ng naaangkop na awtoridad sa proteksyon ng data o ahensya ng gobyerno (gaya ng tinukoy sa seksyong Aming Kaugnayan Sa Iyo sa ibaba), na nagbibigay sa personal na data ng proteksyong katulad ng mayroon nito sa iyong bansang tinitirhan.

## **\*\*GAANO NAMIN KATAGAL PINAPANATILI ANG IYONG DATA?\***

Papanatilihin lang namin ang iyong personal na data hanggang kinakailangan para matugunan ang mga layunin kung para saan namin ito kinolekta, kasama na para sa mga layuning pagtugon sa anumang mga requirement na nauugnay sa batas, accounting o pag-uulat. Para matukoy ang naaangkop na panahon ng pagpapanatili para sa personal na data, isinasaalang-alang namin ang sumusunod batay sa iyong bansang tinitirhan (maliban sa iba pang bagay):

- mga obligasyon at/o panahon ng pagpapanatili na iniaatas sa amin ng mga naaangkop na batas at/o ng mga regulator namin
- ang dami, katangian, at pagiging sensitibo ng personal na data
- ang posibleng panganib ng pinsala mula sa hindi pinapahintulutang paggamit o paghahayag ng iyong personal na data, at
- ang mga layunin kung para saan namin pinoproseso ang iyong personal na data at kung makakamit namin ang mga layuning iyon sa pamamagitan ng iba pang paraan.

Bilang isang pinapamahalaang financial institution, inaatasan kami ng batas na i-store ang ilan sa iyong personal na data at data ng transaction nang lampas sa pagsasara ng iyong account sa amin. Pakitandaan na sa pamamagitan ng paggamit ng aming Mga Serbisyo, hayagan kang sumasang-ayon sa pagpapanatili namin ng iyong personal na data (kasama ang data na nauugnay sa iyong Mga Transaction at ang aming pagkolekta at pag-verify ng pagkakakilanlan mo) nang hindi bababa sa 7 taon kasunod

ng pagtatapos ng iyong legal na ugnayan sa amin.

## **\*\*MGA PAGBABAGO SA PATAKARANG ITO\*\***

Puwede naming amyendahan ang Patakarang ito anumang oras, at sa tuwing gagawin namin ito, aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng pag-post ng nirebisang bersyon sa aming Site at App. Pakisuri ang Patakarang ito sa tuwing magsasagawa ka ng transaction dahil posibleng na-update ito simula noong unang beses kang nagparehistro para sa aming Mga Serbisyo, o simula noong huli mong Transaction.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa anumang aspeto ng Patakarang ito, o anumang pagbabago, maaari mong tapusin ang iyong Kasunduan sa amin at isara ang iyong account sa pamamagitan ng pag-email sa amin sa [privacy@remitle.com] (mailto:privacy@remitle.com) o kung hindi man ay [pakikipag-ugnayan sa amin](https://help.remitle.com/s/contact).

## **\*\*MGA LINK SA MGA THIRD PARTY NA WEBSITE AT SERBISYO\*\***

Ginagamit ng mga bahagi ng aming Serbisyo ang mga serbisyo ng Google Maps, kasama na ang (Mga) Google Maps API. Ang paggamit sa mga feature na ito ay napapailalim sa [Mga Karagdagang Tuntunin ng Paggamit ng Google Maps](https://www.google.com/intl/en-USUS/help/termsmaps.html) at sa [Patakaran sa Privacy ng Google](https://policies.google.com/privacy). Sa pamamagitan ng paggamit sa Site na ito at sa Serbisyo, sumasang-ayon ka rin sa Mga Tuntunin ng Google (ayon sa paminsan-minsang pag-amyenda).

Kasama sa aming Site at App ang mga link sa iba pang website na posibleng may mga kagawian sa privacy na naiiba sa mga kagawian ng Remitle.

Kung magsusumite ka ng personal na impormasyon sa alinman sa mga website na iyon, ang impormasyon mo ay papangasiwaan ng mga patakaran sa privacy ng mga ito at hindi namin tatanggapin ang anumang responsibilidad o pananagutan para sa mga patakarang ito o para sa anumang personal na impormasyon na maaaring kolektahin at iproseso sa pamamagitan ng mga website o serbisyong iyon (gaya ng data sa pakikipag-ugnayan at lokasyon). Hinihikayat ka naming basahin ang patakaran sa privacy ng anumang website o software application na ginagamit o binibisita mo.

Hindi sinasaklaw ng Patakarang ito ang mga kasanayan ng mga third party na maaaring makaugnayan mo habang ginagamit ang Mga Serbisyo, gaya ng iyong mobile network operator o iba pang user ng aming Mga Serbisyo. Dapat kang makipag-ugnayan sa kanila tungkol sa kanilang patakaran sa privacy bago magbigay sa kanila



ng anumang personal na impormasyon.

## **\*\*MGA BATA\*\***

Hinihiling naming iwasan ng mga taong wala pang 18 taong gulang (na itinuturing naming mga bata at menor de edad) na gamitin ang aming mga Serbisyo o magsumite ng anumang personal na impormasyon sa amin. Ang mga taong wala pang 18 taong gulang ay hindi kwalipikadong gumamit ng aming Mga Serbisyo at kung matutuklasan namin na nagparehistro ng Account o Profile sa amin ang isang taong wala pang 18 taong gulang, isasara namin ito.

## **\*\*PAGSASALIN NG PATAKARAN SA PRIVACY\*\***

Ang Patakarang ito ay binalangkas sa wikang English at puwedeng magbigay ng mga pagsasalin sa ibang wika. Sumasang-ayon kang mangingibabaw ang English na bersyon ng Patakarang kung sakali mang magkaroon ng hindi pagtutugma sa pagitan ng English na bersyon at anumang isinaling bersyon kaugnay ng anumang hindi pagkakaunawaang nauugnay sa Patakarang ito.

## **\*\*PAKIKIPAG-UGNAYAN AT MGA REKLAMO\*\***

Kung mayroon kang anumang tanong, komento, o kahilingan tungkol sa aming patakarang sa privacy, maaari kang makipag-ugnayan sa [privacy@remitly.com] (mailto:privacy@remitly.com) o sa aming Data Protection Officer sa DPO@remitly.com.

Kung sa palagay mo ay hindi namin sapat na natugunan ang iyong mga tanong o alalahanin, o naniniwala kang nilabag ang iyong mga karapatan sa proteksyon ng data o privacy, maaari kang magreklamo sa sinumang awtoridad sa pangangasiwa o iba pang pampublikong lupon na may responsibilidad sa pagpapatupad ng mga batas sa privacy, gaya ng nakalista sa seksyong may pamagat na "Ang Aming Kaugnayan sa Iyo."

## **\*\*ANG AMING KAUGNAYAN SA IYO\*\***

: Para sa mga residente ng Australia

**Remitly Entity:** Remitly Australia, Pty Ltd

**Nakarehistrong Tanggapan:** King & Wood Mallesons Level 61 Governor Phillip Tower 1 Farrer Place Sydney Nsw 2000 Australia

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [Office of the Australian Information Commissioner] (<https://www.oaic.gov.au/>)

: Para sa mga residente ng Brazil

**Remitly Entity:** Remitly Corretora de Cambio Ltda

**Nakarehistrong Tanggapan:** Av Paulista, 1374 Andar 11 E 12 Esp 12a124 Bela Vista  
Sao Paulo, Brazil  
Cep: 01310-916

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [National Data Protection Authority (ANPD)](<https://www.gov.br/anpd/pt-br>)

: Para sa mga residente ng Canada

**Remitly Entity:** Remitly Canada, Inc.

**Nakarehistrong Tanggapan:** 250 Howe Street, 20th Floor Vancouver, Bc V6c 3r8 Canada

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [Office of the Privacy Commissioner](<https://www.priv.gc.ca/en/>)

: Para sa mga residente ng EEA

**Remitly Entity:** Remitly Europe Ltd

**Nakarehistrong Tanggapan:** Ground Floor, 1 Albert Quay, Ballintemple, Cork, Ireland,  
T12 X8N6

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [Data Protection Commission (DPC)](<https://www.dataprotection.ie/>)

: Para sa mga residente ng New Zealand

**Remitly Entity:** Remitly NZ Limited

**Nakarehistrong Tanggapan:** Russell Mcveagh Level 30, Vero Centre 48 Shortland Street  
Auckland Central 1052 New Zealand

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [Office of the Privacy Commissioner](<https://privacy.org.nz/>)

: Para sa mga residente ng Pilipinas

**Remitly Entity:** Remitly PHL Operations, Inc.

**Nakarehistrong Tanggapan:** Romulo Mabanta Buenaventura Sayoc & De Los Angeles  
21st Floor Philamlife Tower 8767 Paseo De Roxas Makati City 1226 Philippines

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [National Privacy Commission (NPC)](<https://privacy.gov.ph/>) [Pagpaparehistro sa NPC](<https://media.remitly.io/remitlyinccertificateofregistration.pdf>)

: Para sa mga residente ng Singapore

**Remitly Entity:** Remitly Singapore Pte. Ltd

**Nakarehistrong Tanggapan:** 38 Beach Road, South Beach Tower, \#29-11 Singapore 189767

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [Personal Data Protection Commission](<https://www.pdpc.gov.sg/>)

: Para sa mga residente ng UAE

**Remitly Entity:** Remitly (DIFC) Limited

**Nakarehistrong Tanggapan:** Level 15 Unit Gd-Gb-00-15-Bc-23, Gate District Gate Building Dubai International Financial Centre, Dubai, United Arab Emirates

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [Commissioner of Data Protection](<https://www.difc.ae/business/registrars-and-commissioners/commissioner-of-data-protection>)

: Para sa mga residente ng UK

**Remitly Entity:** Remitly U.K. Ltd

**Nakarehistrong Tanggapan:** 90 Whitfield Street, London W1t 4ez, United Kingdom

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [Information Commissioner's Office (ICO)](<http://www.ico.org.uk/>)

: Para sa mga residente ng US

**Remitly Entity:** Remitly, Inc.

**Nakarehistrong Tanggapan:** 1111 3rd Ave, Suite 2400 Seattle WA 98101 USA

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:** [Federal Trade Commission (FTC)](<http://www.ftc.gov/>)

: Para sa mga residente ng US at mga customer ng Remitly Flex

**Remitly Entity:** Remitly ADV, Inc.

**Nakarehistrong Tanggapan:** Cogency Global, Inc. 850 New Burton Rd, Ste 201 Dover, DE 19904

**Awtoridad sa Proteksyon ng Data:**

##

**\*\*ANO ANG AMING LEGAL NA BATAYAN PARA SA**

## **PAGPOPROSESO NG IYONG PERSONAL NA DATA?\***

**Mga Uri ng Personal na Data:** Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Para sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Kung hindi mo ibibigay ang impormasyong ito, hindi ka makakagawa ang anumang Transaction. Pagtupad sa isang kontrata kasama ka, na tinatawag na ating Kasunduan sa User. Kinakailangan para sa mga lehitimong interes namin o ng mga third party kasama ang para: 1\ Mangolekta ng bayad para sa iyong paggamit ng aming Mga Serbisyo; 2\ I-troubleshoot ang mga isyu sa iyong account o sa aming Mga Serbisyo; 3\ Magsagawa ng pag-aanalisa ng data, trend, at pananalapi, pagsusuri, at pag-track sa Serbisyo; 4\ Sagutin, pangasiwaan, at iproseso ang mga query, kahilingan, reklamo, aplikasyon, at mga kagaya nito; 5\ Kunin ang feedback ng customer sa, at tulungan kaming i-track, pahusayin, i-personalize, at i-develop, ang aming Mga Serbisyo, content, at advertising; 6\ Subaybayan at sanayin ang aming serbisyo sa customer at mga nauugnay na team; 7\ Bigyan ka ng mga reward o insentibo para sa paggamit o pagrerekomenda ng aming Mga Serbisyo; 8\ Magsagawa ng business at marketing analytics; 9\ Palaguin ang iyong negosyo at i-inform ang aming mga diskarte sa marketing at advertising campaign; 10\ Mangolekta ng impormasyong magbibigay ng kakayahan sa amin na maunawaan kung bakit at paano ka nakikipag-interact sa amin at sa aming Mga Serbisyo; 11\ Makipagtulungan sa aming mga third party na partner para kami at/o sila ay makapag-offer, makapagbigay at/o makapag-track ng mga reward, insentibo at/o performance ng mga campaign; 12\ Mag-send sa iyo ng mga update sa serbisyo at promotional offer; 13 Maipakita sa iyo ang aming Mga Serbisyo, o magsagawa ng pananaliksik sa market (basta't papayagan kami ng iyong mga kagustuhan sa marketing at pakikipag-ugnayan sa iyong Account na gawin ito); at, 14\ Gamitin ang mga legal na karapatan at/o depensahan ang mga claim.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Impormasyon ng Suporta sa Customer

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Para sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Kinakailangan para sa isa o higit pang mga lehitimong interes na itinakda sa “Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan” sa itaas. Pagtupad sa isang kontrata kasama ka, na tinatawag na ating Kasunduan sa User.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Pagkakakilanlan o Mga Rekord na Bigay ng Gobyerno

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Para sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Pagtupad sa isang kontrata kasama ka, na tinatawag na ating Kasunduan sa User. Kinakailangan para sa isa o higit pang mga lehitimong interes na itinakda sa “Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan” sa itaas.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Impormasyon ng Marketing at Pakikipag-ugnayan

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Kinakailangan para sa isa o higit

pang mga lehitimong interes na itinakda sa “Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan” sa itaas.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Impormasyon ng Pagbabayad

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Para sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Kinakailangan para sa isa o higit pang mga lehitimong interes para mangolekta ng bayad para sa iyong paggamit ng aming Mga Serbisyo.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Impormasyon ng Mga Promotion at Kumpetisyon

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Pagtupad sa isang kontrata kasama ka.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Impormasyon ng Recipient o Awtorisadong User

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Pagtupad sa isang kontrata kasama ka, na tinatawag na ating Kasunduan sa User. Para sumunod sa aming mga legal na obligasyon.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Sensitibong Personal na Data

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Para sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Kinakailangan din ito sa mga dahilang malaking interes ng publiko (pag-iwas o pagtukoy sa mga kilos na labag sa batas, kinakailangan sa regulasyong nauugnay sa mga pagkilos na labag sa batas at pagiging hindi matapat at paghihinala ng terrorist financing o money laundering). Kung saan pinapayagan lang kami ng mga batas sa proteksyon ng data (o aming mga provider ng serbisyo) na magproseso ng biometric data nang may pahintulot mo, hihingin namin ang iyong pahintulot bago ang pagpoproseso.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Impormasyon ng Survey at Feedback

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Kinakailangan para sa isa o higit pang mga lehitimong interes na itinakda sa “Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan” sa itaas.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Teknikal na Impormasyon

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Para sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Kinakailangan para sa isa o higit pang mga lehitimong interes na itinakda sa “Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan” sa itaas.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Impormasyon ng Transaction

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Para sumunod sa aming mga legal na obligasyon. Kinakailangan para sa isa o higit pang mga lehitimong interes na itinakda sa “Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan” sa itaas.

**Mga Uri ng Personal na Data:** Impormasyon ng Paggamit

**Ang Aming Legal na Batayan para sa Pagpoproseso:** Kinakailangan para sa isa o higit pang mga lehitimong interes na itinakda sa “Basic na Impormasyong Nagbibigay ng Pagkakakilanlan” sa itaas.

## **\*\*ABISO SA PRIVACY NG US CONSUMER\*\***

Ang sumusunod na Abiso sa Privacy ng Consumer ay nalalapat sa iyo kung isa kang indibidwal na nakatira sa United States at gumagamit ng Remitly para sa sarili mong mga personal na layunin, layuning pampamilya, o layunin sa sambahayan.

ANO ANG GINAGAWA NG REMITLY SA IYONG PERSONAL NA IMPORMASYON?

**\*Bakit?\***

Ang mga financial company ang pumipili kung paano nila ibabahagi ang iyong personal na impormasyon. Ang batas pederal ay nagbibigay sa iyo ng karapatang limitahan ang ilan pero hindi ang lahat ng pagbabahagi. Inaatasan kami ng batas pederal na sabihin sa iyo kung paano namin kinokolekta, ibinabahagi, at pinoprotektahan ang iyong personal na impormasyon. Pakibasa nang mabuti ang abisong ito para maunawaan kung ano ang ginagawa namin.

**\*Ano?\***

Ang mga uri ng personal na impormasyong kinokolekta at ibinabahagi namin ay nakadepende sa produkto o serbisyong mayroon ka sa amin. Posibleng kasama sa impormasyong ito ang:

- Social security number at account information.
- Kasaysayan ng Transaction at Transaction Information o mga instruksyon.

**\*Paano?\***

Kailangang ibahagi ng lahat ng financial company ang personal na impormasyon ng

mga customer para mapatakbo ang kanilang pang-araw-araw na negosyo. Sa seksyon sa ibaba, inilista namin ang mga dahilan na maaaring ibahagi ng mga financial company ang personal na impormasyon ng kanilang mga customer; ang mga dahilan na pinili ng Remitly sa pagbabahagi; at kung maaari mong limitahan ang pagbabahaging ito.

**Mga dahilan kung bakit maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon.:**

Para sa aming pang-araw-araw na mga layunin sa negosyo— tulad ng para iproseso ang iyong mga transaction, panatilihin ang iyong account, o tumugon sa mga utos ng korte at legal na imbestigasyon.

**Nagbabahagi ba ang Remitly?:** Oo

**Maaari mo bang limitahan ang pagbabahagi?:** Hindi

**Mga dahilan kung bakit maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon.:**

Para sa aming mga layuning pang-marketing— upang i-offer ang aming mga produkto at serbisyo sa iyo.

**Nagbabahagi ba ang Remitly?:** Oo

**Maaari mo bang limitahan ang pagbabahagi?:** Hindi

**Mga dahilan kung bakit maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon.:**

Para sa joint marketing kasama ang iba pang mga financial companies.

**Nagbabahagi ba ang Remitly?:** Oo

**Maaari mo bang limitahan ang pagbabahagi?:** Hindi

**Mga dahilan kung bakit maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon.:**

Para sa mga pang-araw-araw na layunin sa negosyo ng aming mga affiliate— impormasyon tungkol sa iyong mga transaction at karanasan

**Nagbabahagi ba ang Remitly?:** Oo

**Maaari mo bang limitahan ang pagbabahagi?:** Hindi

**Mga dahilan kung bakit maaari naming ibahagi ang iyong personal na impormasyon.:**

Para sa mga nonaffiliates na mag-market sa iyo.

**Nagbabahagi ba ang Remitly?:** Hindi

**Maaari mo bang limitahan ang pagbabahagi?:** Hindi kami nagbabahagi.

SINO KAMI?

Remitly, Inc. at para sa mga customer ng Remitly Flex, Remitly ADV, Inc.

## ANO ANG GINAGAWA NAMIN?

**\*Paano pinoprotektahan ng Remitly ang aking personal na impormasyon?\***

Para protektahan ang iyong personal na impormasyon mula sa hindi pinapahintulutang pag-access at paggamit, gumagamit kami ng mga hakbang sa seguridad na sumusunod sa batas pederal. Kabilang sa mga panukalang iyon ang mga kaligtasan para sa computer at secured na mga file at gusali. Pinapahintulutan namin ang aming mga empleyado na i-access ang iyong personal na impormasyon kapag lang kailangan nila ito para magawa ang kanilang trabaho, at inaatasan namin ang mga kumpanyang nagtatrabaho para sa amin na protektahan ang iyong impormasyon.

**\*Paano kinokolekta ng Remitly ang aking personal na impormasyon?\***

Kinokolekta namin ang iyong personal na impormasyon, halimbawa, kapag ikaw ay:

- magbukas ng account o magbigay sa amin ng iyong contact information
- gamitin ang Remitly para mag-send o tumanggap ng pondo

Kinokolekta rin namin ang iyong personal na impormasyon mula sa iba, gaya ng mga affiliate o iba pang kumpanya.

**\*Bakit hindi ko mailimita ang lahat ng pagbabahagi?\***

Ang batas pederal ay nagbibigay sa iyo ng karapatang limitahan lang ang:

- pagbabahagi para sa mga pang-araw-araw na layunin sa negosyo ng mga affiliates— impormasyon tungkol sa iyong creditworthiness
- pagbabawal sa mga affiliates na gamitin ang impormasyon para mag-market sa iyo
- pagbabahagi para sa mga nonaffiliate na mag-market sa iyo

## MGA DEPINISYON



Mga Affiliate: Mga kumpanyang magkaugnay sa pamamagitan ng karaniwang pagmamay-ari o kontrol. Maaaring mga financial at nonfinancial company ang mga ito. Kasama sa aming mga affiliate ang mga kumpanyang may pangalan ng Remitly gaya ng Remitly UK Ltd, Remitly Europe Ltd, o Remitly Canada, Inc.

Mga Nonaffiliate: Mga kumpanyang hindi magkaugnay sa pamamagitan ng karaniwang pagmamay-ari o kontrol. Maaaring mga financial at nonfinancial company ang mga ito.

Kasama sa mga nonaffiliate kung kanino kami nagbabahagi ng personal na impormasyon ang mga provider ng serbisyo na nagsasagawa ng mga serbisyo o function sa aming ngalan.

Joint Marketing: Isang pormal na kasunduan sa pagitan ng mga hindi magkaugnay na financial companies na magkasamang nagmemerkado ng mga financial products o serbisyo sa iyo. Kasama sa aming mga joint marketing na partner ang mga financial company at bangko.